

WARM-UP

- Sino ang isang sikat na tao na gusto mong makasama nang buong araw? Bakit siya ang napili mo?
- Ikaw ba ang klase ng tao na gustong laging may plano o gusto mong gawin ang mga bagay nang pabigla-bigla? Ipaliwanag.
- Kailan ang huling pagkakataon na may taong nagpakita ng pagiging mapagbigay sa iyo? Paano ka tumugon?

WORD *⁴Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan*
⁵para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Diyos.

MGA TAGA-GALACIA 4:4,5

Ang Pasko ay ang panahon kung kailan ipinagdiriwang natin ang pag-asa na dumating sa mundo sa pamamagitan ni Jesus. Pumarito Siya sa ating mundo bilang tao sa pamamagitan ng inkarnasyon. Ang inkarnasyon ay galing sa salitang Latin na *incarnatus*, na nangangahulugang “pagkakatawang tao.” Tuwing Pasko, inaalala natin ang himala na ang dakilang Diyos ay nagkatawang tao kay Jesu-Cristo at namuhay sa mundo bilang Diyos at tao. Ngayon, tignan natin ang sulat ni Apostol Pablo sa mga taga-Galacia upang malaman kung bakit natin dapat ipagdiwang ang pagdating ni Jesus bilang tao.

1 | May itinakdang panahon para sa kapanganakan ni Jesus gaya ng ipinangako ng Diyos.

Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. . . . MGA TAGA-GALACIA 4:4

Ang pagkasilang ni Jesus ay hindi biglaan. Itinakda ng Diyos kung kailan ito mangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan. Sa katunayan, ipinangako na ng Diyos ang kapanganakan ni Jesus mahigit isang daang taon bago pa ito nangyari (Isaias 7:14). Itinakda Niya ang tamang oras para sa pagdating ni Jesus upang tuparin ang Kanyang layunin sa mundo. Ito ay hindi aksidente. Ito ay lubos na pinag-planuhan. Kahit pa hindi natin nakikita ang pagkilos ng Diyos, maaari tayong magtiwala at magtiyaga dahil alam natin na kumikilos Siya at tinutupad Niya ang Kanyang plano sa takdang panahon. Paano mo ito nakita sa buhay mo?

2 | Si Jesus ay ipinanganak ng isang babae upang maki-ugnay sa atin.

⁴Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan ⁵para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan . . . MGA TAGA-GALACIA 4:4,5

Si Jesus ay kailangang ipanganak ng isang babae dahil sa ganitong paraan lamang Siya magiging kinatawan ng sangkatauhan sa krus nang sa gayon ay mailigtas Niya tayong lahat. Siya ay nagpakumbaba at nagkatawang tao upang makipag-ugnayan sa atin. Siya ay dumaan sa lahat ng uri ng pagsubok subalit hindi nagkasala (Mga Hebreo 4:15). Dahil naranasan ni Jesus kung paano maging tao at tiniis Niya ang mga paghihirap na dala nito, alam Niya at naiintindihan Niya kung ano ang pinagdadaanan natin. Dahil si Jesus ay hindi kailanman nagkasala, nailigtas Niya tayo sa ating kondisyon. Paano ka binigyan ng Diyos ng katiyakan na alam Niya at naiintindihan Niya ang iyong sitwasyon?

Ang solusyon ng Diyos sa ating mga kasalanan ay ang pagpapadala ng Kanyang sariling Anak.

⁴Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan ⁵para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan . . . **MGA TAGA-GALACIA 4:4,5**

Si Jesus na Anak ng Diyos ay nagkatawang tao upang tubusin ang buong sangkatauhan. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang anak sa mundo upang mabigyan ng solusyon ang pangunahing suliranin na sumisira sa sangkatauhan—ang kasalanan.

Si Jesus ay naging tao upang mailigtas Niya tayo mula sa kaparusahan na dapat nating matanggap dahil sa ating mga kasalanan. Sa anong kaparusahan tayo iniligtas ni Jesus (Mga Taga-Roma 6:23)?

APPLICATION

- Basahin at pag-isipan ang sinasabi ng Isaias 9:6 ngayong linggo. Sa mga pangalang ibinigay kay Jesus sa bersong ito, ano ang higit mong naranasan? Paano mo ito naranasan? Hingin sa Kanya na mas lalo pang ipakita sa iyo kung sino Siya.
- Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang maranasan ang awa ni Jesus? Paano ka lalago sa pagtitiwala mo sa Kanya, ngayong alam mo na naiintindihan at pinangangalagaan ka Niya?
- May mga tao ba na bahagi ng buhay mo na kailangang maka-alam na ipinadala ng Diyos si Jesus upang iligtas sila sa kanilang kasalanan? Paano mo masisimulang ibahagi sa kanila kung sino si Jesus at kung ano ang ginawa Niya para sa kanila?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala Niya ng Kanyang Anak na si Jesus upang tubusin ka. Pasalamatan Siya na ang lahat ng ito ay dahil sa pagmamahal at awa Niya, at hindi dahil sa sarili mong mga ginawa.
- Ipanalangin na patuloy na ipadama ng Diyos ang Kanyang presensya sa buhay mo at ipaalala sa iyo na naiintindihan at pinangangalagaan ka Niya. Ipanalangin ang kakayahan na mamuhay ng tulad ni Jesus.
- Ipanalangin ang mga tao sa buhay mo na nangangailangang makaalam at maniwala sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kakayahan at lakas ng loob na ipangaral ang ebanghelyo sa kanila.

NOTES



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph